

1

If you know you're a great catch, then why settle for less?

Iyon ang motto na naka-invisible flash sa utak ni Audrey 'Audi' Castellaña nang i-flash niya ang *Harry Winston* emerald-cut diamond engagement ring sa ere. Everyone in the tables who saw it swooned and gasped in envy.

Ginanap ang engagement announcement nila ng may dalawang taon na niyang karelasyon sa pavilion hall ng isa sa mga luxury resorts na pag-aari ng Lolo Carlos niya. Bukod sa pamilya, shareholders at malalapit na kaibigan ay may iilang naimbitahan ding press people.

Paniguradong talk of the town na naman siya, not that she's complaining.

"Oh, isn't he sweet?" sundot niya na patuloy pa rin ang pag-flash at pose ng daliri sa hangin. Nang mapansing pulos daliri na lang ang focus ng video ay inilipat naman niya ang kamay sa dibdib sa gitna nila ng fiancé. She made sure her smile was video-perfect.

"Of course I'm sweet, Honey." Carter's husky

voice was perfect in her ears. Hindi lamang sobrang guwapo ang lalaki, napakatalino rin nito at may marangyang estado ang pamilya. Modelo ito at isa sa tinitiliang mga bachelors noon nang hindi pa niya nabibingwit. Hinapit siya nito at hindi na hinintay ang request ng lahat.

She was almost breathless when he let her go.

Ano pa ba ang hihilingin niya? The gaze of envy from her other socialite friends made her more ecstatic. May ibinunga talaga ang pagiging metikulosa ni Audi pagdating sa pagpili ng lalaki.

Maganda siya. And she got the wallet to even enhance her beauty and wear fabulous clothes. Hindi lang panlabas na kagandahan ang mayroon siya, may utak at puso rin siya.

“So hopefully, wala nang bawian, Miss Castellaña, at magiging Mrs. Ybañez ka na sa mismong kaarawan mo rin?” tsika sa kanya ng isang kilalang lifestyle writer nang mapaupo na sila at magsimula na ang salu-salo.

Audi glimpsed at the writer’s get-up for a while at ipinagwalang-bahala na lang niya ang napunang fashion tragedy. She was drunk in too much happiness upang punahin pa niya ang tulad ng pagsusuot ng

brown *Tommy Hilfiger* stripe flats at lime green pants sa isang formal event.

“Only if he runs away,” tugon niya na tinugunan ng mapagbirong pagmamaktol ni Carter. “If he would, then I’ll run away with their family heirloom,” tukoy niya sa ilang milyong piso halaga ng singsing sa kanyang daliri.

“No, I won’t,” iling ng katabi na pinagmasdan siya. “I can’t even wait to marry her. When I met Audrey, alam kong pakakasalan ko siya.”

The man who sweetly called her using her true birth name, ang lalaking isinuot sa kanya ang singsing na itinago nang ilang henerasyon ng pamilya nito, ang lalaking nirespeto siya at sinabing maghihintay ito matapos ang kasal dahil hindi pa siya handa. Nagkita sila isang gabi sa Boracay, at simula noon, hindi na naglaho ang spark sa pagitan nila.

Hindi niya alam kung may lalaki bang kokompleto sa the ‘best happy ever after’ na nakadisenyo na sa utak niya liban kay Carter.

Wala na, she got the perfect guy, she was sure as hell.

Matapos ang halos lagpas limang buwan...

“So what brings you in Del Mar?” good-natured ngunit reserved ang boses na tanong sa kanya ng ngayon ay katabi niyang lalaki sa seat niya sa eroplano. He said his name was Mireo Wallgreen.

“Summer vacation,” maikling sagot ni Audi. Seriously, sa kondisyon niya ngayon, hindi pa niya kayang i-entertain ang isang posibleng admirer, kahit pa man gaano kainam ang hitsura nito.

“How about you?” Tinanong niya ang kausap para hindi ito ma-offend kung sakaling makita man nito ang boredom para sa isang usapan sa kanyang mga mata.

“I’m out for a mission...” singhap ng lalaki, saglit na napangiti na mabilis ding nawala.

“Mission?” Napataas ang kilay niya.

“Mag-a-apply ako bilang minero,” kubit-balikat nito kasabay ng out-of-the blue nitong sagot... “That’s it.” Sandaling gumuhit ang kung anong emosyon sa mga mata ni Mireo--lungkot ba iyon o determinasyon? Magtatanong pa sana siya ngunit ni-recline na nito ang upuan, humikab at sa pagkamangha niya ay pumikit.

There was a sudden jab at the pit of her stomach.

Hindi ba pinansin ng lalaki ang ganda niya dahil sa kondisyon niya?

Madaling lumipas ang isa't kalahating oras, at nang ibuka ni Audi ang mga talukap, isa-isa nang tumatayo ang mga kapwa niya pasahero. Wala na ang kanyang katabi...

Bago pa man siya mapag-iwanan ay mabilis na naisuot na niya ang *Gucci* sunglasses at straw sun hat. Pumalatak sa aisle ang bawat hakbang ng *Jimmy Choo* tropical espadrille wedges niya, at hinatak niya nang pababa kaunti ang hem ng purple tube dress na masikip sa kanyang katawan. Napahugot siya ng hangin upang hindi masyadong bakat ang tinatago na niyang extra baggage sa tiyan.

Oh God, Audi, why have you become fugly like this!

Operation: Ditch all your extra baggage in life.
Iyon ang bagong motto na naka-flash sa bawat cells ng sistema niya ngayon.

Magdadalawampung minuto na siyang nakaupo sa lateral machine at unti-unti ay nadarama na ni Zayd ang kaginhawaan na nakukuha niya mula sa

exercise. It was the brand of comfort brought by pain and labor which he liked, tulad ngayon. He inhaled and then exhaled carefully, abdominal breathing precisely at muli ay ini-lift niya ang padding na nasa braso at dalawang nakaarkong bakal kung saan nakapulupot ang mga kamao niya. His shoulder muscles contracted and stretched, then his face contorted. It felt good as the beads of sweat fell on his gray sweatshirt.

Nagawa na niya ang ritual niyang twenty-minute jogging kaninang alas seis sa paligid ng plaza bago siya dumerecho ngayon sa loob ng gym. At sa araw na ito, ang mga balikat niya ang napagdiskitahan niyang iehersisyo.

Napapalibutan ng floor to ceiling glass wall ang gym niya na nakatayo sa ikalawang palapag ng building. Mas nakakaganang gumalaw dahil kita mula sa kinatatayuang space nila ang pinaghalong mapusyaw na guhit na iyon ng dagat, bulubundukin, mga puno pati ang malapitang larawan ng pinaghalong kulay ng mga establishments at kabahayan ng Del Mar.

“Gym addict!” Hindi niya naituloy ang pag-lift ulit sa bakal nang marinig ang pagaw na tukso na iyon.

“What brought you here, early mouse?” tugon niya sa bultong ngayon ay nasa gilid na niya.

“Summer?” wiggle ni Camry, isang babaeng morena, petite at may pixie-cut na buhok. May hawak itong pumpon ng sunflowers, na ka-vibe din ng personalidad nito.

“Ah,” he remembered. Ikinuwento nito nang nakaraang araw ang bagong naisip na proyekto para sa kaibigan nitong si Ayana, may-ari ng coffee shop cum library na *Libretto* na nasa unang palapag ng building.

“Darating mamaya si Barney. Kelangan niyang mag-provide ng libreng photo shoot services para sa promotional banner at flyers ngayong summer for *Libretto*. At ikaw, Zayd Barrameda,” turo sa kanya ng babae, “ang napili kong modelo para sa proyektong ’to!”

Nalaglag ang panga niya. “I don’t think your sunflowers nor any *Libretto* drinks would want to pose with me,” iling niya na tuluyang naalis na ang konsentrasyon sa pag-eehersisyo. But he was aware how he felt more alive now kung ikukumpara kanina. *Dahil may dumating.*

“At kung ako iyang si Ayana, magdadalawang-

isip talaga ako sa mga project suggestions mo...” Pinakulimlim niya ang mukha at ngumuso si Camry.

“Naku, Zayd! Ewan ko ba sa ’yo, gym ka nang gym, paganda ka nang paganda ng katawan, eh, wala namang silbi ’yang katawan mo!” Kuntodo ang pandidilat at pag-exaggerate ng ekspresyon ni Camry at hindi niya napigilang mapatayo sa lateral machine at ilabas ang ngiti at munting halakhak.

“Basta.” Inabot ni Zayd ang bimpo at ipinunas sa kanyang noo at mga balikat. “Ayoko niyan, lalo’t ideya mo!” tawa niya.

“Bully ka! Tse!” Tumalikod ang babae at alam na niya ang destinasyon nito, ang office niyang sinisiguro nitong laging may fresh flowers. Ngingiti-ngiti na sinundan niya ito hanggang sa opisina.

“Magmomodelo lang ako kung ikaw ang partner ko, dalawa tayong magsusuot ng Hawaiian dress. Game?” Pumosisyon siya sa likuran ni Camry na kasalukuyang inaalis ang nalantang lilies sa vase.

“Game!” Napaharap sa kanya si Camry.

It was too fast, hindi rin yata nito nahimigan na nasa likuran lang siya at gusto rin siguro siyang sorpresahin, kaya ang resulta, halos nauwing magkadikit ang mga katawan nila nang magkaharap.

Come on, Dude, just kiss her, right now... quick snap ng isip niya. Camry's eyes expressed a fleck of reaction. He inhaled, and in a flash of courage, mabilis niyang iniyuko ang mukha niya nang biglang...

“Excuse me,” high-pitched na sabad ng isang boses, “can I interrupt for a while?” Lumingon siya at may tatlong metrong layo mula sa kinatatayuan nila ni Camry, nakataas-kilay ang isang estranghera.

She stood 5'7” and in his calculation, weighed approximately 150 pounds. Ini-flash nito sa hangin ang isang VIP Platinum Membership gym card.

“Pa’no ka nakapasok dito?” usal ni Zayd sa nilalang na mukhang hindi yata acquainted sa salitang ‘right timing’.

“Of course, because the glass door was open,” tukoy nito sa entrance door sa lounge na iniwan niyang bukas kanina, “kaya’t nakapasok ako.” Nahagip niya ang saglit na pagrolyo nito ng bola ng mga mata. “I just hopped from the airport. I decided to pass by bago dumerecho sa vacation house ko to know some specifics,” dugtong ng babae.

Interesting, his mind whispered.

“Patawad po, pero wala pansamantala si Mr. Barrameda. Umalis siya, next week pa ang balik niya. You can come back next week if you’re really excited for a personal consultation with him.”

Nakita niya ang kinang na iyon na sumilay sa mukha ng katabing si Camry na sinagot niya lang sa pamamagitan ng eye signal.

“Who are you? A staff here?” kunot-noong tanong ng estranghera.

“I’m afraid I can’t tell you my name, Ma’am, pero yes, I’m a staff here,” tugon niya.

He saw it, that sudden expression of dismay.
Amusing...

“Really? How can your boss be off to somewhere kung tinawagan na siya ng lolo ko last week? He was told to accommodate me well. Oh, whatever, just tell your boss na dumalaw na si Miss Castellaña dito, and most importantly, ask him to call me when he’s back. I’ll go! And oh, one more thing, you can continue making out now.”

Sinundan ni Zayd ang pagtalikod at lakad nito, at hindi siya makapaniwala kung paanong nag-catwalk ang babae at ginawang fashion runway ang gym floor niya.

Nagkatitigan sila ulit ni Camry. Wala na ang kakaibang kinang na sumilay sa mga mata nito kanina. “Did you see that? Come on, Zayd!” animated nitong komento.

“Pabayaan mo na. Pustahan pa tayo, Cam, babalik siya.”

“Babalik siya syempre para sampalin ka!”

Napangisi lang ang binata. *Long time no see, Audi Castellaña*, anang isip niya.

Namahinga si Audi nang ilang minuto sa kuwartong inihanda sa kanya ng mga katiwala ng property nila nang mapag-isipang gusto niyang maglakad-lakad sa dalampasigan. Sa pagkakatanda niya, siyam na taon lang siya noon nang unang masilayan ang karagatan na iyon at ngayon lang siya ulit napabalik dito.

Ang lolo niya, si Don Carlos, ang nag-suggest na bisitahin muna niya ang lugar. Her grandpa said she might need this place to reflect and heal, na marahil dito sa lugar na ito ay matagpuan niya ang mga kasagutan sa mga tanong niya.

Malamig ang simoy ng hangin, at nang mapahinto

ang mga paa niya sa isang spot na iyon sa puting buhanginan ng dalampasigan na pamilyar na pamilyar pa rin sa kanya ay ipinikit niya ang mga talukap ng mata.

“Damn you! Demon! I hate you!” she screamed.

Napabalikwas ang hubad na si Carter, mabilis na kinuha ang towel na nakasabit sa uluhan ng couch upang ipantabon sa katawan ng babaeng hubo’t hubad din tulad nito. Nakapatong ang fiancé niya sa kaniig nito kanina bago niya lantayan at palamunin ng hampas ang likod ng damuho.

Mas lalo siyang napatili na animo’y nababaliw nang sa segundong mapapa-dive na sana siya sa couch derecho sampal-hampas naman sa babae ay bigla siyang pinigilan at kinabig ni Carter.

“Audi! Umuwi ka muna, please! Mag-usap tayo mama—”

*“Get off me!” rindi niyang hulagpos mula sa hawak nito. She was shaking. Nagpalipat-lipat ang mga tingin niya mula sa towel, sa babae at kay Carter. “How dare you use that towel!” asik niya. “I f*cking bought that towel for you in Italy!” she shrieked. “A-and you’re marrying me this week...”*

“I know...” Napasinghap ito, aabutin sana siya

ng damuho ngunit napaatras siya. “Audi, you must understand that I’m a guy—”

“Nahuli na din kita noon, h-hindi ko lang pinansin...” anas niya.

Then everything suddenly went pitch-black but clear.

“Nas’an ka na?” bulong niya sa hangin.

Hindi niya hinahanap si Carter, kundi ang taong iyon na hindi na niya alam ang pangalan.

“Gusto kong malaman kung may pupunas ba ng luha ko ulit bago ako lamunin ng masamang panaginip... batang syokoy... gusto kong maalala kung sino ka...”

2

Makalipas ang tatlong araw...

Napabalikwas si Zayd mula sa komportableng pagkakasandal sa kanyang swivel chair nang mahagip ng mga mata ang pagsugod ng isang bulto sa mesa niya.

“Mr. Barrameda, I can’t believe how unprofessional you are!” salubong nito sa kanya. “Pagsabihan mo ’ko at pabalikin mo ’ko sa tamang oras, iyon dapat ang ginawa mo n’ung nakaraang araw!” duro nito sa kanya.

“Wait, I can explain, Miss Castellaña. Wala talaga akong balak...” Napatayo siya. Jeez, he was busted.

“Whatever,” sagot lang ng babae. “Mga sinungaling naman talaga kayong mga lalaki!” There was strength in that statement. “Mabuti na lamang at may summer poster ka ngayon sa ibaba and that weird lady named Ayana identified who you are. So could we start now?”

Pinaraan niya ng mga mata ang get-up ng babae. Nakasuot ito ng perfect *Nike* gym attire, ngunit nang dumako ang tingin niya sa mukha nito,

humalagapos ang ngisi sa mga labi niya.

“What?” Nangingkit ang mga mata ng kaharap.

“Masamang mag-exercise nang naka-makeup, Miss Castellaña. Hahalo ’yan sa pawis mo at masisira ang complexion mo. Isa pa, standard procedure dito ang pag-fill out ng membership form.”

“Pero may platinum membership card na ’ko. I don’t need procedures, I just want to start—”

Pinutol ni Zayd ang kakulitan ng babae nang tawagin niya ang sekretaryang si Gin na nakaabang sa pintuan ng opisina niya. Mukhang hinabol nito si Audi kanina, pero hindi nito napigilan. Inutusan niya ang sekretarya na kumuha ng isang form. Muli niyang ipinukol ang mga mata sa dalagang nakatunganga sa kanya ngayon.

Isang malokong ngiti ang gumuhit sa kanyang mga labi. “Kelangan kong malaman ang timbang mo. Body mass index, your history and your health condition at ibang detalye para malaman ko kung ano’ng nararapat na routine para sa ’yo,” paliwanag niya.

“Why do you have to know my weight? Don’t you have an assigned gym instructor to manage me?” taas-kilay na turan ni Audi.

“Yes, I’m the owner, pero isa rin ako sa tumatayong gym instructor dito. I personally manage my clients up close.” Lumapit siya at tinitigan niya ang mga mata nito. “And I will be your personal instructor.”

Nakita ni Zayd ang pagbaba ng kilay ng kausap. Kuminang ang kakaibang kislap sa mga matang iyon. Her expression was unreadable. Naglaro ang mga mata niya sa palibot ng buong mukha nito, sa matangos nitong ilong, sa mga kilay, sa mga labi. Nagkalaman man ang mga pisngi ni Audi ay bakas pa rin ang angking ganda nito.

“Are you done staring at me?” pukaw nito sa kanya. “I can’t imagine kung paano mo ’ko tititigan pag nawalan na ’ko ng timbang.”

Lumabas ang isang sorpresang tawa mula kay Zayd. “This is just part of my assessment, trabaho kong i-assess ka, Miss Castellaña.”

“You can call me ‘Audi’ instead, you’re too formal,” anito na parang walang narinig.

Hah! Inilingon niya ang mga mata sa salaming bintana at naisip niya kung ano kaya ang magiging hitsura nito pag isa na ito sa mga pinagpapawisang miyembro nila na nakatoka sa isa sa mga gym equipment. *Tiyak ay mababawasan talaga ang*

kamalditahan nito.

“You can call me ‘Zayd’ too, Audi.” Inilahad niya ang kamay. “Thank you for deciding to come to our gym.”

“As if I have a choice.” Inirolyo ng kausap ang eyeballs nito.

“Why ‘Audi’ when your name is ‘Audrey’? Parang winala lang ‘yung ‘r’ at ‘y’, tama ba?” panunukso niya bilang ganti dahil bigla siyang may naalala.

Napangiwi ang kaharap.

This would be fun, he thought.

“Don’t be foolish, Zayd,” may halong kahulugang tugon ni Barney. Kasalukuyang nakayuko ito sa DSLR camera nito, sinusuri ang mga bagong kuhang litrato sa isang kasalan nang nagdaang araw. May ilang araw nang nakakalipas ay siya nga itong kinukuhanan ng litrato ng kaibigan na ngayon ay naging isang poster na. Iyon yata ang poster na nakita ni Audi.

Professional photographer ang best friend niya, may malaking studio ito sa Maynila at napabisita lang sa bayan dahil sa isang wedding shoot gig kung saan partner nito ang florist na si Camry.

Libretto's summer drink was refreshing, he soon found out nang matapos niyang ubusin ang drink na nakapatong sa mesa nila. Iyon ang dahilan kaya natawag ni Zayd si Suki, ang baristang pinakapamilyar sa kanya ang mukha. Um-order siya ng isa pang buko pandan gelatin cooler.

“Tatal naman at libre ang pagmomodelo mo para sa 'min, Sir Zayd, um-order ka ng lahat ng gusto mo!” ngiti sa kanya ni Suki at parang lumilipad na fairy na napatungo sa counter kung saan may sariling mundo ngayon sina Ayana at Camry.

“Barn, are you serious?” Gulat siyang napatawa. “Hindi ako nababaliw, kilala mo ako at alam kong alam mo ang dahilan kung bakit ganito. I want you to understand that I'm not stupid.”

Elementarya pa lamang ay matalik na niyang kaibigan ang lalaki, malapit ang pamilya nila. Magkasama rin sila sa pagtanggap ng batangpanlalait noon. Kung tabatsoy siya ay mas masaklap ang kay Barney dahil dalawa ang kutya rito: payatot at baklang dinosaur. Grade five naman sila noon at nasa kalagitnaan ng tulakan sa aisle ng eskuwela nang ipagtanggol sila ng magiging miyembro ng tropa nilang si Camry laban sa mga bullies.

Napakibit-balikat lang ito. “I understand you,

Zayd. But don't drag us into this, lalo na si Camry.”

“Just this time, man.” There was a punch of determination in his voice.

“Your father asked me for reasons why his son is doing all of this again.” His best friend gave him a serious tone.

“Alam ni Dad ang lahat,” tugon niya, “at iyon pa rin ang dahilan.”

“Foolish heart,” Barney just uttered and sighed. “But how could I resist you? Sa huli, alam mong susuportahan rin kita, Pare.”

Ang sinabi ni Zayd, ang asungot na personal gym instructor kuno niya, may tatlong components daw ang pag-ehersisyo. Una at para sa mga baguhan talaga sa gym training ang cardiovascular endurance training, kasunod ang resistance at weight training at panghuli ang flexibility. Syempre, kasama na roon ang pananatili rin ng isang swak na healthy diet.

Hindi naman daw siya mataba, she was just thick. Pasok pa rin sa normal na body mass index ng tangkad niyang 5'7” ang timbang niya ngayon. Ngunit kung gustong makamit ni Audi ang dating

slim and full-figured one hundred nineteen pounds na physique niya noon, alam niyang kailangan niyang magtiis muna.

Tulad ngayon, nasa treadmill siya at hindi pa siya nakalalagpas ng sampung minutong oras pero pakiramdam niya ay hihingalin na siya.

She closed her eyes and focused... She tried to recall why she was here...

Isang buwan ang lumipas at kumalat ang balitang buntis daw ang starlet na iyon, ang babaeng nahuli niya sa ikalawang beses na pagtataksil ni Carter. Sunod ay lumitaw na sa pahayagan ang anunsyo ng nalalapit na kasalan ng dalawa.

It was horrible, how each month passed by was a heavy sack piling up na kahit timbangan ng puso niya ay hindi na kayang buhatin. She watched herself find comfort in sleep and eating. Naging recluse siya, wala siyang hinarap kundi ang telebisyon at ang refrigerator nila. Hanggang sa gumising na lang siya isang araw na hindi lang ang puso niya ang naninikip at mabigat, mukhang hindi na rin niya mapagtagpo ang butones at button hole ng jeans niya...

“Did you do some stretching beforehand?” pukaw sa kanya ng isang malamig ngunit malalim na boses.

Mabuti na lang at mabilis na napakapit si Audi sa handle bar ng machine, kung hindi ay napa-slide na siya sa gulat. Lumipat ang lalaki sa gilid ng machine at sa pagkakataong iyon, nanlaki ang mga mata niya at naimpit niya ang isang tili.

Half-naked si Zayd, walang suot na sando o t-shirt. May sando ito ngunit nakalaylay naman sa balikat nito at pawis na pawis pa.

Tinungga nito ang water bottle na hawak at kahit hindi niya sinadya, dumako ang mga mata niya sa bandang panga nito na nababalutan pa ng kaunting balbas. She didn't like men with beard, para sa kanya ay hindi malinis tingnan. Pero bakit parang okay naman pala?

Audi! Lihim niyang pinagalitan ang sarili ngunit...

Hindi niya alam kung butil ng pawis o tubig iyon, pero ang salarin na butil na iyon ang nagdala pa sa mga mata niya mula sa panga pababa sa mismong Adam's apple nito sa leeg, na gumagalaw ngayon kasabay sa paglulon sa iniinom. Mula sa Adam's apple ng binata ay napadausdos ang mga mata niya sa dibdib nito.

His chest was covered with thick black hair.

“Sinabi ko naman, one needs to stretch nang

hindi mapulikat and it helps to condition you upang hindi ka madaling hingalin,” anang boses ng gym instructor habang nakatoka na ang mga mata niya sa pagbibilang ng kung ilang abdominal packs ba ang mayroon ito.

Sa loob ng ilang minuto sa nakalipas na mga araw na pagsu-supervise ni Zayd sa kanya ay hindi pa niya ito minsang nakita sa ganoong ayos. Lagi itong naka-jogging pants at baggy t-shirt, ni hindi nga ito sumasabay sa kanya at parang nagmamadaling iniiwan si Audi pag nakita na nitong naiintindihan na niya o alam na niya ang gagawin.

Naglalaho lang itong parang bula sa gilid niya.

Sanay naman siyang may nakikitang abs lalo na ngayon dahil nakakasabayan niya at nagiging pamilyar na rin siya sa mga lalaking miyembro ng gym, pero minsan na rin niyang naitanong kung ano kaya ang hitsura ng lalaking katabi kung ito naman ang pawisan.

Ibinalik niya ang mga mata sa mukha ni Zayd na ngayon ay may nakapintang amusement sa mukha. There was a haughty glimmer in his raven black eyes at medyo nakataas ang isang makapal na kilay nito. Kalakip ng kaunting balbas ng lalaki at tanned complexion, pati ang pico de lorong ilong nito, hindi

mapagkakailang mukha itong isang Arabyanong prinsiphe.

“So did you enjoy what you just saw?” aroganteng salubong nito sa kanya.

“As expected from a gym instructor,” irap lang niya. Pero ang totoo talaga, mas maganda pa ang pangangatawan nito kaysa sa damuhong Carter na iyon na minsang nag-pose sa isang men’s health magazine!

Mukhang pinalabas lang ng lalaki ang narinig sa kabilang tainga at sa halip ay kinuha ang sando at ipinampunas sa leeg at palibot ng dibdib.

Ano’ng problema ng lalaking ’to?

“Babalikan kita matapos ng isang oras mong cardio dito sa treadmill at elliptical mo rin, we’ll try to do some light sit-ups.”

“Sit-ups?” ulit niya.

“We want to keep enough fats in your legs and bottom,” anito na suwabeng bumaba ang mga mata sa mga hita niya, pataas, “while we want to trim your belly fat in the process too. Minsan kasi, sa ibang gym puro cardio at pagbabawas ng timbang, which helps pero sa huli, ’yung taba sa tiyan ang natitira at

pangit tingnan. Belly fats are the most stubborn fat you'll meet and nothing will beat it than the good old sit-ups. Ayaw mo naman sigurong magmukhang slim pero sa kabilang banda ay mukhang buntis, di ba?"

Hindi alam ni Audi kung bakit pakiramdam niya ay may halong pangungutya at pang-aasar ang pagkakasabi niyon ng lalaki, ngunit hindi niya mapigilan ang biglaang pagsurot ng inis nang mapansing hindi pa nito iniaalis sa tiyan niya ang atensyon. Isinantabi na lang niya ang kahihiyang dinanas mula rito sa nakaraang mga araw, tulad na lang ng kailangan nitong masaksihan ang pagpatong niya sa weighing scale, ang pag-uungkat nito sa diet niya sa sunod na araw, ang mga pasaring nito sa kalamyaan ng mga galaw niya...

“See you!” paalam lang nito, sabay talikod.

*Kaunting-kaunti na lang talaga, Zayd Barrameda!
Naku!*

3

Magtatatlumpung minuto na siyang nakaupo sa elliptical bike at kanina pa natuyo ang pawis niya, pero walang Zayd na lumitaw ulit. Dahil hindi na makatiis ay napatungo na si Audi sa opisina nito. Ilang katok ang ginawa niya pero...

“Ma’am, kanina pa umalis si Sir Zayd, mukhang nagmamadali, eh. Birthday rin kasi ng best friend niyang si Ma’am Camry ngayong Linggo, baka po may aasikasuhin,” sagot ni Gin.

“Tell him na tatlumpung minuto ko siyang hinintay dahil nag-promise siyang titingnan niya ’ko ulit. Ngayon, halos maabutan na ’ko ng alas cinco!”
‘Kuu! Parehas lang talaga lahat ng mga lalaki!

Ibinuhos niya sa powder room ang frustration at mas kinapalan ang paglagay ng lipstick sa labi nang eksaktong matanggap niya ang isang tawag mula kay Hudson. Nakababata niyang kaibigan noon sa Maynila ang lalaki na lately ay ipinatapon din sa Del Mar katulad niya.

“What’s with the the look in your face, huh?” bati nito nang abutan niyang nakaantabay sa isa sa mga

upuan at mesa ng *Libretto*.

Nakabenda pa rin ang isang balikat nito, naaksidente kasi ito sa pagmo-motor sa *Ducati Monster* may ilang araw lang ang nakakalipas. Ngunit kahit may kaunting gasgas ang mukha nito, hindi pa rin iyon nakabawas sa taglay na distinct na kaguwapuhan.

“Ganyan ba talaga ang may-ari ng *Barrameda Gym* na ’yan?” Pasalampak siyang naupo sa harap nito. Lumambot ang ekspresyon niya sa mukha nang mapansin ang grapefruit smoothie na nakahain na para sa kanya. She grabbed the straw and started sipping.

“I don’t know, what do you think?” he asked.

Nagsimula ang makulit na usapan nila ni Hudson nang biglang maramdaman ni Audi ang pagbukas ng glass door sa likuran niya. Nahagip niya ang pag-alerto ng mga mata ni Hudson, and she traced where his eyes jumped and stayed...

“What is it with women in this town? Ang daming magaganda pero *que horror* naman ang fashion sense!” Long-sleeved shirt, jeans and boots ang get-up ng babaeng tinitingnan ng binata. “And then there’s the owner of this place na galit-galit ang

kulay ng mga isinusuot like, is she a freakin' clown or something?" lipat naman niya ng puna kay Ayana, may-ari ng *Libretto*, na nanahimik sa isang dulo ng counter.

Hudson was now under someone's spell at napasinghap na lang siya.

Hinablolot niya ang kanyang cellphone na biglang nag-ring. Tumatawag ang lolo niya.

"Yeah, I'm fine, Lolo, you don't have to worry," pagsisinungaling niya bilang sagot sa paghingi nito ng update sa kanya habang nanatiling nakapako ang mga mata niya sa mga kaganapan sa loob ng *Libretto*. Napangiti ni Audi nang mahuli ang pagtayo ni Hudson mula sa kinauupuan nila at ngayon ay naglalakad patungo sa mesa ng babaeng subject ng konsentrasyon nito kanina. May kasama itong lalaki.

The gal must be Hudson's heroine, konklusyon niya.

"Walang night life!" Matamlay na nilantakan ni Audi ang apple chicken salad sa plato. Ang totoo, mukhang kailangan talaga niya ng stimulation bukod sa exercise or else, mababaliw siya!

Maybe she was just starting to get lonely? Si Hudson na tanging kakilala niya ay may ibang trip naman kasi lately.

Kailangan nga niyang mag-soul searching muna, di ba?

Hindi naman niya magagawa iyon sa lugar kung saan puputaktihin siya ng press at kung saan makikita siya ng mga kakilala niyang lumba-lumbang tumatakbo sa isang treadmill.

But then, she still needed stimulation, or maybe, girl friends?

Nagpalinga-linga siya sa kabuuan ng *Libretto*, that Ayana was nowhere to be found.

“Violet, right?” matamis niyang ngiti sa babaeng nasa likuran lang ng upuan niya na nagulat at natigilan sa pagnguya. Hindi na niya hinintay ang pagsagot nito at walang paalam na lumipat na sa table ng dalaga dala ang fruit juice at salad niya. Nang mai-settle na niya ang sarili ay muli siyang nagsalita. “Well, you could really look like some *Hollywood* actress with the right makeup and dress on, just so you know.”

“Thank you, pero magkakilala na ba tayo?” Lumabas ang amusement sa mukha nito.

“Oh, I’m sorry, but I’m Audi. Kilala kita, naikuwento ka sa ’kin ni Hudson, ’yung lalaking iniligtas mo a few days ago.”

“Magkakilala kayo?” Naging maingat ito.

“Yes, we’re friends,” aniyang inirolyo ang eyeballs, “but it’s not like I’m talking to you because he instructed me to spy on you.”

Hindi niya pinansin ang saglit na pagkalaglag ng panga ng kaharap at ibinaba niya ang mga mata sa diet nito, napansin kasi niyang tamang-tama lang ang pagka-slim nito. “Seriously, pa’no mo nakakain lahat ng ’yan?” turo ni Audi sa dalawang extra cup ng rice nito.

Natawa si Violet na naputol din ng parehong mahila ang atensyon nila ng isang komosyon may ilang hakbang na layo lang mula sa mesa nila.

Nakita ni Audi ang lalaking kahapon ay inindyan siya at ngayong araw ay hindi nagpakita sa kanya na si Zayd Barrameda, na hinahabol ang isang bulto. “Cam! Camry!” galit na pagtawag nito sa hinahabol.

Sa gulat niya ay tumigil ang tinatawag ni Zayd sa tapat ng ng mesa nila ni Violet. Nahawakan ng lalaki ang braso nito ngunit pumiksi ang babae.

“P’wede ba pabayaang mo muna ako, Zayd? Just leave me alone, both of you! Just back off!” mariing sambit nito na tamang-tama lang ang volume upang marinig nila ng kasama ngayon.

Mukhang ito talaga ang depinisyon ng ‘stimulating’... ani Audi sa isipan.

Matapos ang ilang araw...

“Lie down,” kaswal na utos ni Zayd at itinuro ang malapad at asul na mat. “Come on,” untag nito, “it’s not like we’re both alone and I’m gonna jump on you.”

Inilinga ni Audi ang ulo pero hindi niya alam kung bakit biglaan siyang na-conscious. Syempre, iba na iyong patitihayain siya sa sahig, masisira na talaga ang natitirang poise niya.

Nasa isang maliit na silid sila ngayon, may nakakalat na exercise balls at iilan pang nakaligpit at nakarolyong gym mats sa dingding, sa kaliwa nila ay ang floor-to-ceiling glass wall, a partition separating the nook from the area where the gym equipment are. May kasabayan naman silang dalawa pang tao pero...

“Come on, you should start your sit-ups,” pagaw ang boses na sabi ng lalaking haggard pa ang mukha.

Alam niya kung bakit parang mas malubha pa sa PMS mood swings ang mood nito ngayon. Ayun nga, nabasted ang binata ilang gabi na ang nakakaraan at mukhang fresh na fresh pa rin ang sugat sa ego na napala nito.

Humiga nga ang dalaga nang walang sabi-sabi at inekis ang dalawang balikat sa dibdib, she curled up her knees and planted her sneakers flat on the mat. Sinimulan niyang iangat nang walang cue nito ang upper body niya na hindi natuloy dahil biglang lumuhod sa gilid niya si Zayd, sinalo ang magkabilang balikat niya ng mga kamay nito and she was immediately pushed back on the mat.

“Seriously, gusto mo bang magka-spinal damage? And why do you even insist to know things? Maghintay ka sa instruction ko.”

“I didn’t choose you to be my instructor, by the way,” kontra niya. “If you find me too hard to handle, then refer me to your other instructor here, mukhang mas mabait pa iyon,” tukoy niya sa kasamahan ni Zayd sa gym na si Roy na siyang minsang nag-a-assist sa kanya pag wala ang lalaki. “Roy is a good instructor. I think he’s the one giving your gym a good

image...” Hindi na niya naituloy ang pang-aasar nang lubayan siyang bigla ng hangin.

Inilapit kasi ng lalaki ang mukha sa kanya at halos magkalapit na ang kanilang mga labi. “Fix your eyes up in the ceiling,” utos nito at naramdaman ni Audi ang pagbitiw ng mga kamay nito sa magkabilang balikat niya.

Lumipat ang mga iyon sa dalawang tuhod niya, his palms slid gently downward her knees, checking something at pagka’y iginalaw nito nang kaunti ang pagkakalapat ng sneakers niya sa mat. “Now, try to relax,” dagdag nito. “Inhale and then exhale...”

Sinunod naman ito ni Audi at natagpuan ang sariling nare-relax nga at unti-unting nawala ang consciousness sa ayos niya.

“Now that your back is straightened and your knees are curled as it is, you can pick to cross your arms across your chest o p’wede mo ring ilagay ’yung mga palad mo sa likod ng ulo o baba ng tenga mo tulad nito...

“Now, look...” Zayd’s voice faded away at sa pagkagulat niya, natagpuan niyang katabi na niyang naka-curl up sa mat ang lalaki. Ginugol nito ang sunod na mga segundo sa pag-demonstrate sa kanya

ng tamang paraan ng pag-angat ng katawan, tamang degree at ang tamang breathing sa bawat galaw. At habang nakahiga rin siya, nakatuon dito ang mga mata, she couldn't help but get mesmerized in a way.

This guy surely knows every precise move for fitness...

“Your turn,” putol nito sa lihim na pagpipista rito ng mga mata niya.

It was funny, how she felt a pinch of disappointment nang umalis ito sa kanyang gilid, only to discover na pupuwesto ito sa dulo ng mga paa niya. She felt a sudden grip and weight on her sneakers, at bumulaga ang ulo nito sa gitna ng mga tuhod niya.

“Gayahin mo 'yung ginawa ko, but do it slowly for now...”

Ginawa naman ng dalaga, pero hindi niya maunawaan kung bakit may biglang sumikdo sa kaloob-looban niya, ang buong akala kasi ni Audi, sa pag-angat ng ulo at likod niya ay aalis na ang seryoso at iritadong mukha ng unggoy na kaharap, but he stayed there, meeting her gaze.

“Hindi ka ba aalis diyan?” asik niya.

“Yes, if you're doing it right. Ulo mo muna

kasunod 'yung shoulder blades, not the other way around. Again,” mariin nitong utos.

She felt like a student being reprimanded by a professor.

Napahugot siya ng hangin at napabuga, humiga siya at inulit ang pag-angat sa katawan. Hindi nagkomento si Zayd at sinundan niya ng isa pang galaw ang ginawa. Maybe she was doing it right now.

“Inhale on your way down, focus,” puna nito nang palapat na ulit ang likod niya sa mat. “I’ll record your limit kaya ipagpatuloy mo. Come on.”

Audi was feeling uneasy somewhere deep within her chest. This man was really unnerving her, isinama pang medyo masakit pala sa tiyan ang ginagawa niya, kaya hindi na niya napigilan ang maibulalas ang napapansin niya.

“May hahabulin ka? Ba’t ka nagmamadali? Could you be a little considerate to me and not just snap at me?” Nilukot niya ang mukha.

“Where did you get the idea na nagmamadali ako?”

“You’re even hot-headed, see?” dagdag niyang puna.

“What are you talking about?” saad nitong nagsalubong na ang mga kilay ngayon.

“I think everyone here in Del Mar already knows what happened to you, Zayd,” pagpapatuloy niya at iniangat ulit ang dibdib, sa pagkakataong iyon ay confident na sinalubong niya ang mga mata ng lalaki. “Hindi mo dapat dinadamay ang mga miyembro mo, kasama ako, sa init ng ulo mo just because you were dumped!”

“Huh?” maang nito.

“Painosente ka pa.” She rolled her eyes. “Binasted ka ni Camry, alam na ng buong Del Mar ang sinapit mo!”

“Wow...” he drawled. “Thanks for reminding me.”

“See? You were mad! You were mad because you were very afraid and hurt. I didn’t know guys with body like yours could be torpe. Narinig kong hinayaan mo pang unang magtapat ’yung kaibigan mong si Camry kay Barney bago mo talagang nasabi sa kanya ang feelings mo. Poor you, right?” She emphasized her line by raising one eyebrow.

“Hindi ko rin alam na bukod sa pagiging masungit at matigas ang ulo, madaldal ka rin pala at tsismosa,

Audi Castellaña.”

“What happened, happened already, and you can’t change it,” prangka niyang pahayag. “Kasalanan ng tao kung bakit nasasaktan siya. One is led to believe that they already found the perfect one for them at ibubuhos nila lahat ng katangahan para sa taong ’yun.”

“But no one is perfect. You don’t really think they’re perfect, kaya nga love is blind, and oddly, you acknowledge their flaws but still accept it. Para sa ’kin, iyon ang tunay na pagmamahal. Well, at least, in my case.” Napakibit-balikat si Zayd.

“Well, that’s why people are foolish. Ako naman, I did the opposite and by doing the opposite, I thought I was very wise. I perfected myself, at syempre dapat makapantay rin naman sa ’kin ’yung taong mamahalin ko. I chose very carefully, and look at me now...” kibit-balikat din niya.

“I’m sorry...” he said, and it sounded sincere.

“Nah,” iling niya. “Before you feel sorry for me, you should feel sorry for yourself.” Inihilig ni Audi ang kanyang ulo sa isang balikat at ipinatong na ang mga palad sa mat bilang suporta sa postura ng upo niya. Itinigil niya ang sit-ups na hindi naman nito sinuway.

Amusingly, he was so immersed into looking at her... at hindi niya alam kung bakit parang natutuwa siya sa reaksyon ng lalaki. “Honestly, your crime is not falling in love, but not telling her what you feel.”

“I’ve known her for years,” he crafted carefully. “Marami kaming parehong napagdaanan, she’d been through a lot. I don’t want to lose her because we have a connection.” Marahil ay damang-dama pa ni Zayd ang sakit dahil seryosung-seryoso ang tono nito. “I kinda just waited for the right time, and the right time just slid away and I didn’t know I was already chasing it...” dagdag nito.

Natahimik si Audi. A sudden wave of contemplation crossed her face.

This guy, kahit mukhang maloko ay may sense at malalim kausap...